Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong Administratibo ng Cordillera
TANGGAPAN NG SANGAY NG MGA PAARALAN NG BENGUET
Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501

May 4, 2017

DEPARTMENT OF EDUCATION
RELEASED
MAY 08 2017
Benguet Division

## PANDIBISYONG MEMORANDUM

Bilang 090, s. 2017

**PARA SA:** Punong Tagamasid ng CID
Tagamasid sa Filipino at iba pang kaugnay na Asignatura
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Koordineytor ng Filipino sa bawat Distrito
Mga Kinauukulang Namumuno ng mga Paaralang Pampubliko sa Elementarya

**MULA KAY:** **FEDERICO P. MARTIN,Ed.D.,CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PAKSA:** **PANDIBISYONG PALIHAN SA MASINING NA PAGTUTURO NG FILIPINO PARA SA MGA PILING PANDISTRITONG TAGAPAGSANAY**

1. Bilang bahagi ng pagtugon sa pangangailangang maiangat ang kaalaman at kasanayan ng mga guro tungo sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng makabagong kurikulum, ilulunsad ng Sangay ng Benguet ang tatlong araw na **PANDIBISYONG PALIHAN SA MASINING NA PAGTUTURO NG FILIPINO PARA SA MGA PILING PANDISTRITONG TAGAPAGSANAY sa Mayo 30-Hunyo 1, 2017**. Ito ay gaganapin sa Bulwagan ng Ben Palislis, Kapitolyo ng Benguet.
2. Pagkatapos ng tatlong araw na gawain, ang mga napiling kalahok ay inaasahang: nagagamit ang masining na pamamaraan sa pagtuturo ng iba't ibang makrong kasanayan sa wika; nakapaglalapat ng mga iba-ibang pamamaraan ng masining na pagtuturo; at nakapaghahanda ng mga araling kinapapalooban ng mga magkakaiba at makabuluhang gawain.
3. Nakalaan ang apat (4) na kalahok sa bawat distrito na binubuo ng sumusunod: 1 pandistritong koordineytor/tagapag-ugnay sa Filipino at 3 piling gurong tagapagsanay o trainer na binubuo ng tig-iisang kinatawang guro mula sa ikaapat, ikalima at ikaanim na baitang.
4. Ang pagkain para sa tatlong pananghalian at anim na meryenda sa loob ng tatlong araw ay magmumula sa pondo ng Dibisyon ng Benguet samantalang ang transportasyon at ibang kaugnay na gastusin ng mga kalahok sa seminar ay maaaring magmumula sa pondo ng paaralan o pondong lokal sa kondisyong ito ay tatalima sa mga alituntunin ng pag-oodit.
5. Upang lubusang maihanda ang gawaing ito, magkakaroon ng isang araw na **pulong ang mga koordineytor ng Filipino** mula sa bawat distrito sa **Mayo 19, 2017** sa Conference Hall ng Dibisyon ng Benguet, Wangal, La Trinidad sa ganap na 9:00 ng umaga. Inaasahang ang pinal na pangalan ng mga napiling gurong kalahok ay maipapasa sa pulong na ito.
6. Magmumula rin sa pondo ng dibisyon ang gastusin sa pagkain na binubuo ng isang pananghalian at dalawang meryenda para sa pulong na ito samantalang ang pamasahe at iba pang gastusin ng mga pandistritong koordineytor ay magmumula sa pondong lokal o pondo ng paaralan alinsunod sa mga alituntunin ng pag-oodit.
7. Ang mga gurong dadalo sa seminar ay mapagkakalooban ng *Service Credits* alinsunod sa mga alituntuning kaugnay nito.
8. Hinihiling ang malawakan at dagliang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

*/mbm*